

## Chapter-2

Khell Pov

Nagising ako dahil sa ingay na aking naririnig. Potek alas tres na kaya ako natulog at ang aga-aga pa.

Napasimangot ako ng banyo dahil sa lakas ng boses ng speaker na pinapatugtog nila. Potek anong akala nila, bahay nila to? Walang taong natutulog?.

Pumasok ako ng banyo at agad na naghilamos. Pagkalabas ko ay nakabungad sa akin ang mga kaibigan ni Christell na kumakain.

She saw me and avertize her gaze. Sino ba naman ako para pansinin niya diba?.

Tinungo ko na lamang ang kusina para maka-inom ng tubig. Nakaka-bored talaga sa bahay na to.

"Hi" muntik ko nang ibuga ang iniinom ko ng may magsalita sa aking likura.

"Yes?"

"Sorry I didn't —"

"It's okay" putol ko sa sasabihin nito.

"Gusto mong kumain? Sabay ka na sa amin" she said. Mabait naman pala ito, at ngayon ko lang nakita, yung iba kasing kaibigan ni Christell ay nag-mana sa kanya, walang manners at sila-sila lang nag-uusap.

"Kayo na lang busog pa ako eh" tanging saad ko, ayaw ko silang maka-sabay dahil masiyadong mapang-husga ang mga kaibigan nito.

"You sure?" she said. Tanging tango lang ang naging sagot ko. "Okay! By the way I'm Raycel Swe—"

"What are you two doing here and talking some nonsense?" napatingin kaming pareho sa pinto ng magsalita ang Antarctic.

"I'm just being friendly to your wife" Raycel said. Namumulang umiwas ako ng paningin. Dahil ramdam ko ang pagtiting nito.

"Tsk, let's go Ray" nauna na itong lumabas ng kusina.

"Pagpasensyahan mo na, pinanganak kasi yan sa sama ng loob" ngumiti na lamang ako at tumango. Lumabas ito ng kusina habang ako naman ay nag timpla ng hot chocolate para dalhin sa kwarto. Habang naglalagay ng butter sa bread ay pumasok naman si Christell.

"Tsk" napapailing at tinapos ko na lamang ang aking ginagawa at hindi na ito pinansin pa.

Sanay na ako sa ganitong routine namin. Nang matapos ay naglakad na rin ako palabas dala ang hot choco at bread. Mamayang tanghali na ako kakain o kapag wala na ang mga kaibigan nito.

Nang makapasok sa kwarto ay inumpisahan ko na rin kaagad ang pagche-check sa mga papel ng mga estudyante ko.

Infairness hindi na masama ang kanilang quizzes.

Dumaan ang mga araw at ganon pa rin ang mga routine namin ni Christell para kaming hindi nag-eexist sa isat-isa.

"Miss Cameron, may meeting po lahat ng Professor mamaya" my co worker said. I just nodded my head. "Cold niyo naman parang si Prof Felix."

"Maling hinala ka" I said. Nagulat ito ng magsalita ako. Napapailing na tinapik ko ang balik at nito at agad na nagtungo sa o ice ko para mag-mukmok.

Kaka-upo ko palang ng may bumukas na kaagad sa pinto.

"Lunch" she coldly said.

"Ikaw na lang" tanging saad ko. Ganito ang routine niy araw-araw ang yayain ako para kumain. Hindi ito nagsalita at basta na lang umalis habang pabagsak na sinara ang pintuan. Napabuga na lamang ako ng hangin at umiling.

In the a ernoon, I went to the faculty room because the meeting was supposed to be held there. Christell and I ran into each other but she immediately looked.

Napabuntong hininga akong nakasunod hanggang sa makapasok sa loob. As usual magkatabi na naman kami ng upuan. Pakiramdam ko ay palagi akong aatakihin sa kanya.

STORY CONTINUES BELOW

"Dahil kompleto na tayong lahat! Hi everyone, I'm Daisy Fajardo the head teacher" pagpakilala nito. Tinuon ko na lang ang atensyon ko sa ballpen na hawak ko at iniikot sa aking kamay.

I don't care about those people beside me, except kay Christell na sobrang tahimik at nakikinig na lamang. Tungkol lang naman sa mga students ang meeting na ito at napaka nonsense yon.

Nang matapos ang meeting ay nauna itong lumabas. "Tahimik niya naman" my co-professor said and shaking their head. "Ikaw Cameron ganon ka rin ba?"

"Tigilan niyo nga ako" they just chuckled.

Lumabas ako ng faculty at naglakad sa hallway, halos uwian na rin pala at mga graduating department na lang ang natitira.

Wala na rin ang kotse ni Christell sa parking lot, as usual hindi ito nagpapasakay. Nag-abang na lang ako ng jeep pero wala na rin dumadaan.

"Prof Cameron, sakay na po"

"May hinihintay ako Prof Salvega" I said kahit ang totoo ay wala naman.

"Sure ka?" i just nodded. Ngumiti ito at umalis na. Malayo pa naman ang subdivision.

Walang nagawang naglakad na lamang ako hanggang sa makarating sa tapat ng 7/11. Agad akong napaupo at hinubad ang sandal na suot ko, masakit na kasi sa paa.

Tinignan ko ang wrist watch at halos 7 p.m na rin pala, ganon kalayo ang nilakad ko?.

Tumayo na ako at pumara ng jeep hanggang sa makarating ako sa subdivision, nilabas ko naman ang residence I.D ko, nang makarating sa bahay ay napahinga ako ng malalim dahil alas otso na ng gabi.

Bukas pa rin ang ilaw. Napasinghap ako ng makita ko ito sa tapat ng pinto at masama ang tingin sa akin.

"Tsk! It's already eight p.m" she coldly said.

I just shaking my head and looking at her. "So?"

"So? It's late" naiinis na turan nito. Hindi na ako nagsalita at nilampasan ito, nangangalay na kasi ako kakatayo at naglakad pa ako. Amoy pawis na rin ako at nakakahiya naman sa kanya.

Agad akong pumasok sa kwarto ko at hinilot ang paa ko dahil sumasakit na talaga.

I want to rest dahil sa pagod na nararamdaman. Naghalf-bath na lamang ako at lumabas.

Naabutan ko ito sa sala na masama pa rin ang tingin sa akin.

"What?" i coldly ask.

"Tsk" she hissed.

Napapailing na naglakad ako patungo sa kitchen at uminom ng tubig. Bukas na ako kakain, pagod na talaga ako and I want to rest na.

Agad akong nagtungo sa kwarto para matulog, nang maihiga ko ang katawan ko ay siya naman ang pagbukas ng pinto. Mabilis naman akong napabangon.

"Ano ba" inis na wika ko.

Tumingin ito ng matalim sa akin at bumaba ang tingin niya sa aking paa.

Hindi ito nagsalita at basta na lang lumabas ito, nagtataka man ay agad akong nakahiga at pumikit.

"Potch—"

"Ituloy mo" banta nito. Napaayos na naman ako ng tayo.

"What are you doing here ba kasi" inis na turan ko. Hindi ito nagsalita at basta na lang yumuko.

"Your foot" she said. Nagtataka ko itong tinignan. "I said your foot" nang hindi ako gumalaw ay siya na kusa naglagay na iyon sa maligamgam na tubig.

Doon ko lang rin napansin na may palanggana iyon at maligamgam na tubig. Nahihiyang umiwas ako ng tingin. Atleast she care kahit na masungit ito.

"Relief?" she asked. I just nodded. Walang salitang lumabas ito sa kwarto ko.

Nakita niya siguro na paika-ika akong maglakad kanina. Ang sakit ba naman kasi at ang layo.

A er fi een minutes ay tinanggal ko na rin ang paa ko sa palanggana at pinunasan iyon. Medyo hindi na masakit. Lumabas ako ng kwarto at naabutan ko ito sa harap ng kanyang laptop.

Gusto ko nang matulog pero nakaramdam ako ng gutom.

"Hungry?" muntik pa akong mapatalon.

"M-medyo"

"Here's the food" saad nito at inilapag ang mga paper bag. Agad ko yon binuksan isa-isa.

"Wa le" naka-ngiting sambit ko at kumuha ng isa.

"Tsk" hindi ko ito pinansin at patuloy lang sa pagkain hanggang sa matapos.

Hindi ko na ito naabutan sa sala ng makalabas ako, ang natrang pagkain ay nilagay ko iyon sa ref.

Magpapasalamat sana ako kaso hindi ako pwedeng pumunta sa kanyang kwarto.

Tinungo ko na lamang ang aking kwarto at agad na natulog.

"Ma'am tulungan ko na po kayo" wika nito, nagtutulukan pa sila ng kasama niya kung sino ang kukuha sa hawak kong laptop.

"Sa o ice ko na lang" I said. Tumango naman ang mga ito.

"Ma'am bakit hindi namin nakikita ang asawa niyo na bumibisita dito"

"Kayo talaga, dalhin niyo na nga lang yan"

"Ma'am sabihin niyo na po" natatawang napapailing na lamang ako, hanggang sa makarating kami sa o ice ay todo pa rin sila sa pangungulit.

"Misa Cameron" lahat kami napatingin sa pinto.

"G-good morning Miss Felix— tara na pare labas na tayo" siko nito. Mabilis silang nagpaalam at lumabas ng o ice.

"What?"

"Flirting a student is not allowed inside the University" she said. I frowned my le eyebrows.

"What are you talking?"

"I saw it"

"Mali instinct mo kung ganon Miss Felix" I fired back

"What?" she shouted. Napapikit ako sa sakit ng tenga ko. Mabibingi ata ako. Umagang-umaga hina-high blood. Sign of aging na ata yan.

"Pwede ba huwag kang sumigang, ang aga-aga nag-ngangawa ka jan" tinarayan ko ito.

"We have family dinner, kailangan mong makuawi ng maaga" hindi ko ito pinansin at umupo sa swivel chair. "Cameron!"

"Narinig ko, hindi ako bingi" inis na turan ko. Pwede naman akong kausapin ng mahinahon, hindi yung naghahamok siya ng away jan at ang sama pa ng tingin sila.

Walang salitang lumabas ito ng o ice at pabagsak na isinara ang pinto. Ugali na nito ang pabagsak kung isara ang pintuan na akala mo siya ang nag-mamay-ari.

Sa tatlong taon naming kasal ni minsan ay hindi ko man lang nakitang ngumiti ang professor na iyon sa akin. Ang laki ata ng galit sa akin. Pwede naman siyang umayaw sa kasal namin kasi ako mismo kahit anong paki-usap ko hindi man lang ako pinakinggan ng parents ko.

Para na akong nagsisi kung bakit ako pumatol sa babaeng ubod ng lamig at kalahi ni elsa.

Katulad ng sabi nito ay maaga akong umuwi, nagbihis lang ako ng simpleng dress. Wala akong perang pambili ng bago kaya pagtitiisan ko lang ito tatal naman once a year lang may family dinner at aasahan ko na andon ang pamilya at kapatid ko.

"Let's go" she said ng makababa sa hagdan, napatulala pa ako dahil ang ganda niya sa hindi dress, "Stop staring, idiot" umiwas naman kaagad ako.

Nandito kasi ako sa sala at ang sabi nito ay maghintay ako dahil ayaw niyang malaman ng pamilya nito na hindi ako pinapasakay sa kanyang kotse.

Walang salitang lumabas kami ng kanyang mansion at agad na umalis, pagkarating namin kung saan ang family house nila ay iilang kotse ang nakita ko doon, puro pa magagara.

Nahihiyang tumapak sa ganitong lugar, hindi ata welcome ang isang katulad ko.

Nang makapasok ay agad kaming sinalubong ng mga maid.

"Nüshi Ni Hão" they greeted. Hindi naman ako nakakaintindi ng chinese basta ang alam ko they greeted us.

"Nü ermen" salubong ng mommy nito sa amin at niyakap kami isa-isa. "How are you Avhell?"

"Okay lang naman po" magalang na turan ko.

"How's your work? How is your marriage? Did it work?" sunod-sunod na tanong nito. Hanggang sa makarating kami sa sala. Nauna na pala si Christell hindi niya man lang binata ang mommy nito.

Hindi ko alam ang isasagot ko sa ginang at sinalubong ko na lamang ng yakap at nagmano na rin sa asawa nito.

"Good eve" bati ko. Umupo naman ako sa tabi ni Christell at hindi binati ang parents ko, ang sabi ko nga hindi kami good terms ng mga ito.

"Why didn't you give a kissed to your parents?" daddy tito said. While smiling. Hindi ako nagsalita at ngumiti na lamang. Tumayo ako at binati ang kapatid ko.

"Ate na miss kita"

"Same us brother" natatawang ani ko. Lahat sila tumingin sa akin lalo na ang mga magulang ko pero agad akong naglakad patungo sa upuan ko.

"Let's eat"

Tanging kami lang ang tahimik ni Christell habang ang parents namin ay natutuwa at nag-uusap tungkol sa kanilang buhay. What a pathetic.

Kami yung nag sa-su er na mga anak.

"Kumusta naman ang pagsasama niyo?" napaubo ako dahil sa tanong na iyon. Agad kong kinuha ang tubig at uminom.

"Are you okay Avhell?" tumango naman ako. Hindi ako makatingin sa kanilang lahat at naiinis ako sa presensya nila. "You look gorgeous Avhell" awkward na napangiti ako.

"Thank you po"

"So maayos naman ba?"

"Yeah" simpleng sagot ni Christell. Siya na rin ang sumagot sa lahat ng tanong ng kaniyang magulang.

"Kailan niyo kami bibigyan ng apo?" sa pangalawang pagkakataon ay nabulunan na naman ako. Agad akong uminom ng tubig.

"Avhell iha"

"I'm okay" wika ko.

"Tsk!"

"So kailan nga?"

"Uuwi na kami" tanging saad ni Christell at tumayo.

"Christell!" boses iyon ng daddy niya. Agad ako hinila ni Christell palabas ng mansion at pinasakay sa kotse.

Ni hindi ko magawang makapag-paalang ng maayos. Pumasok ito sa driver seat at nagmaneho pauwi sa bahay.

Hindi ko magawang magtanong sa kaniya kung ano ang nangyayari at kung bakit ganon ang inasta nito. Gusto ko pa naman sana makausap ang kapatid ko.

Agad akong nagtungo sa kwarto para makapag-bihis. Hindi na rin ito lumabas sa kanyang kwarto kaya naman hinayaan ko na lang tatal ugali na nito ang hindi lumalabas at tila may iniwasan.

Hindi naman kami magkaka-anak pareho kaming babae. Baka nagbibiro lang ang mga magulang nito.

Continue reading next part